L e r o n – l e r o n s i n t a

Leron-leron sinta, buko ng papaya
Dala-dala'y buslo, sisidlan ng bunga
Pagdating sa dulo, nabali ang sanga
Kapos kapalaran, humanap ng iba

Gumising ka Neneng, tayo'y manampalok
Dalhin mo ang buslo, sisidlang ng hinog
Pagdating sa dulo, lalamba-lambayog
Kumapit ka Neneng, baka ka mahulog

Ang iibigin ko'y lalaking matapang
Ang baril n'ya'y pito, ang sundang ay siyam
Ang lalakarin n'ya'y, parte ng dinulang
Isang pinggang pansit ang kanyang kalaban